～Latha ngayong Hulyo taong 2025～

# Newsletter para sa mga Consumers

Sa newsletter na ito ay regular na ihahayag ang ang mga suliraning kadalasang itinatanung ng mga consumers tulad ng mga problema sa pamimili at bayarin.

Paksa
Kaguluhan Dulot ng Point Sites

## Mag-ingat sa Kaguluhan Dulot ng Paggamit sa mga Point Sites


Mula sa Koleksyon ng mga Illustration sa Consumer's Affairs Agency

Sa isang Social Media advertisement may isang site na nag-offer na magbibigay ng 2,000 flea market points kung magpaparehistro sa 10 itinalagang apps. Kaya naisip na magparehistro lang habang libre pa sa campaign period at ikakansel na lamang kapag natapos na ang campaign. Kaya nagparehistro at binigay ang numero ng telepono at iba pang personal na impormasyon. Ngunit pagkalipas ng isang linggo dumating ang babayarin na nagkakahalaga ng 5,000 yen sa pamamagitan ng e-mail at hindi nakasaad kung paano at saan maaaring ikansel. Samakatuwid, hindi na maaaring ikansela.

## Upang Makaiwas sa mga ganitong Gusot

•Bago subukang magparehistro sa nasabing site na may nag-aalok ng libre sa kanilang campaign ay mahalagang suriing mabuti ang kanilang tuntunin at mga kundisyon kung paano magkakansela.

•Huwag magparehistro sa mga sites na hindi nagbibigay ng impormasyon ng kanilang contact information ng kanilang kompanya at detalye kung paano magkansela.

• Kung nakasaad na 『hindi kailangan ang subskripsyon』 ay hindi nangangahulugan na 『tapos na ang transaksyon sa unang pagbili』

•May mga point sites rin na ang layunin ay mangulekta lamang ng personal na impormasyon kaya maaari nila itong i-share sa iba at may pagkakataon na makakatanggap ka na lang ng e-mail.

==========================================

### Consumers Affair Center ng Lungsod ng Tochigi

Sa Civic Life Section sa pangalawang palapag ng pangunahing gusali ng munisipiyo.
Araw ng Bukas ： mula Lunes hanggang Huwebes.(Maliban sa Sabado, Linggo, Holidays, Year ends at mga umpisang araw ng taon)
Oras ng bukas：Mula alas 9:00 ng umaga hanggang tanghali at mula ala 1:00 hanggang alas 4:00 ng hapon. (※)
(※ Hanggang alas 3:00 ng hapon lamang para sa mga unang kukunsulta pa lamang.)

**Numero ng Telepono ： 0282-23-8899**

Kung may problema, huwag mag-atubiling kumonsulta sa Consumer Affairs Center!


Ang Mascot Character ng lungsod ng Tochigi na si Tochisuke